



## Mga Tagubilin sa Pasyente

### 24 na Oras na Pagsubok sa Holter Monitor

Ang iyong health care provider ay humiling ng 24 na oras na Holter Monitor test. Upang makakuha ng makabuluhang resulta, kailangang isuot ang recorder nang hanggang 24 na oras at kailangang sundin ang mga tagubilin.

Kinakailangang makipag-appointment. Tumawag sa Appointment Desk ng LifeLabs sa **1-855-412-4495**.

#### Paghahanda para sa procedure:

1. Mag-shower o maligo bago magpunta sa iyong appointment. Huwag maglagay ng mga lotion o pulbos sa iyong balat.
2. Magsuot ng komportableng 2-piece na kasuotan
  - Kung nakasuot ka ng bra, pumili ng komportableng isuot dahil hihilingan kang panatilihin itong nakasuot sa buong pagsusuri.
  - Para sa mga pasyenteng may buhok sa dibdib, mangyaring pansinin na kailangang ahitin ang mga lugar na kakabitan ng mga sensor.
3. Dalhin mo ang LifeLabs requisition pagpunta mo sa iyong appointment.
4. Dalhin mo ang listahan ng lahat ng kasalukuyang iniresetang gamot sa iyo.
5. Kung mayroon kang pacemaker, magdala ng kopya ng iyong kasalukuyang mga setting o Pacemaker card.
6. Magdala ng orasan (relo o mobile phone) sa iyong appointment.

#### Procedure:

Mangyaring maglaan ng 30-45 minuto para sa appointment mo sa pagkakabit. Ang mga disposable skin sensor ay ikakabit sa dibdib mo at may mga kawad na nakakonekta sa isang maliit na monitor, na patuloy na magtatala ng aktibidad sa puso mo. Ang appointment sa pagtatanggal ay karaniwang tumatagal nang halos kahalating oras sa araw na kasunod ng appointment mo sa pagkakabit.

#### Pagsusuot ng Holter Monitor:

1. Maglalaan ng isang activity diary na kailangang kumpletuhin at ibalik.
2. Ang mga pasyente ay maaaring makaranas ng iritasyon at paminsan-minsang pagmamarka sa balat kung saan nakakabit ang mga sensor.
3. Ituloy ang iyong normal na mga aktibidad kasama ang mga sumusunod na eksepsyon:

##### Huwag:

- **mag-shower, maligo, lumangoy o hayaang mabasa ang monitor**
- gumamit ng electric blanket o arc welder
- matulog sa waterbed, o gumamit ng unan o kutson na may mga magnet
- i-adjust ang recorder, mga sensor, tape o mga kable

Tandaan: Napakahalagang i-iskedyul nang maayos ang oras mo para matiyak na maibalik ang monitor sa LifeLabs Patient Service Centre nang hindi lalampas sa 23 oras pagkatapos na ma-activate ang monitor. Kung mahuli ka, maaaring magkaroon ng multa.